

1

“Kiss! Kiss!” sigaw ng mga tao matapos maisalin at maibigay sa kanya ng dating nanalo ng *Miss St. Mary's College* ang cape, crown and scepter. Katulong nito ang guwapo at batang mayor ng bayang iyon.

Ito ang taunang paligsahan para sa *Miss St. Mary's College* kung saan maka-a-avail ang sinumang mananalo ng isang taong libreng tuition fee bukod pa sa cash na ibibigay. Ito ang pangunahing dahilan kaya sumali si Janine sa paligsahang iyon. Naisip niyang makakatulong ito nang malaki sa kanya financially. Matagal na siyang kinukuha ng mga organizers ng paaralan na sumali sa paligsahan. Nasa ikatlong taon na siya sa kursong Chemical Engineering sa edad na eighteen.

“Now, Ladies and Gentlemen, the most awaited part of this event...” anunsyo ng emcee gamit ang mikropono, his cold and baritone voice filling the air. He was the famous male deejay in an FM station.

Alam niyang nahihirapan ang ama niyang itaguyod ang kanyang pag-aaral lalo na sa kursong kinuha niya dahil isa lamang itong hamak na driver ng batang mayor sa bayan nila. Sa coat pa lang niya ay hindi na birong halaga ang kailangan para lang makabili. Ngunit hindi man lang niya kinakitaan ng anumang pagtutol buhat sa kanyang ama nang sabihin niyang ito ang

You'll Be In My Heart - Gertrude Margarete

kursong gusto niya. Solong anak siya dahil namatay ang mama niya nang ipanganak siya.

Sa loob ng mga taong nagdaan ay ni wala siyang narinig na babaeng nauugnay kay Mang Ramon na sa edad nitong cuarenta ay napakabata pa nitong tingnan. Idagdag pang magandang lalaki rin ito. Ngunit lagi lang nitong sinasabi na siya lamang ang gusto nitong makasama. Para rito, ang yumaong asawa nito tanging mamahalin nito.

At ngayon ay tinawag ang second runner-up, isang estudyante mula sa Commerce department. Dalawa na lang silang naiwan para sa first runner-up at sa tatanghaling *Miss St. Mary's College* sa taong iyon. Kinakabahan si Janine. Alam niya, mahusay ang napili ng department nila na maging trainor niya ngunit tunay na maganda ang babaeng katabi. Galing ito sa Education department at nasa huling taon na. Sa tingin niya ay sanay na sanay na ito sa gayong paligsahan. Bahagya niyang ipinilig ang ulo nang magsimulang bumangon ang insecurities sa kanyang isip.

Hindi niya halos narinig nang i-announce ang katabi bilang first runner-up. Lumuluha itong yumakap sa kanya. Halos hindi niya maunawaan ang mga pangyayari, ngunit nang bumulong ito sa kanya ay tuwang-tuwa siya. Unti-unting sumungaw ang luha ng kaligayahan sa kanyang mga mata. "Congratulations!" sabi nito. "I knew it would be you," dagdag nito. She saw sincerity in her beautiful set of eyes.

You'll Be In My Heart - Gertrude Margarete

“And now... may I request the honor of our young honorable and gorgeous mayor, Mr. Alfonso Cordero, to come up here on stage and help us crown tonight’s reigning queen,” nakangiting baling ng emcee sa kaharap na table kung saan nakaupo ang mayor.

Hindi nakaligtas sa kanya ang bahagyang kilig na nararamdaman ng mga katabi para sa mayor ng San Antonio. Bakit nga ba hindi? Ang lalaking ito ay napakabata pa para maging mayor. Ito ang panauhing pandangal ng eskuwelahan nang gabing ito. Para sa kanya ay ito na yata ang perpektong anyo ng isang tall, dark and handsome guy na palaging inilalagay ng mga kaklase niya sa slumbook ng mga ito noong high school days niya. At napakaipokrita niya kung itatanggi niyang hindi siya nagka-crush dito. Ngunit hanggang doon lang iyon. Napakarami niyang dapat unahin kaysa sa damdaming iyon.

Idagdag pang ito rin ang butihing amo ng ama. Wala naman siyang naririnig buhat dito tungkol kay Mayor Cordero kundi pulos papuri. Idagdag pang laging laman ng diaryo ang achievements ng alkalde sa lugar nila. May usap-usapan na rin na gagawing city ang kanilang bayan ay dahil sa maayos na pamamahala nito.

Bigla ay naisip niya; saan na nga kaya ang papang niya? Sigurado siyang narito rin ito dahil narito ang mayor. Ang alam niya ay sa ama lang ipinagkakatiwala ni Governor Victorio Cordero ang nag-iisang anak. Gusto niyang makita ang papa niya.

You'll Be In My Heart - Gertrude Margarete

Alam niyang matutuwa ito para sa kanya.

“It would be my pleasure to announce this year’s *Miss St. Mary’s College*,” simula ni Mayor Cordero pagkatapos siyang tapunan ng ngiti. Lalo itong gumuwapo sa tingin niya dahil sa ngiting ipinukol nito sa kanya. Oh God, gusto niyang himatayin!

“And now, Ladies and Gentlemen, a round of applause please for this year’s *Miss St. Mary’s College*, no other than Miss Janine Rose Montego!” sabi nito pagkatapos ay pumalakpak.

Malakas ang ingay at palakpakan mula sa crowd.

Hindi alam ni Janine kung ano ang sasabihin. Napaiyak siya sa tuwa. Masyadong maingay ang loob ng auditorium ng eskuwelahan dahil hindi magkamayaw ang mga estudyante. Halos bulong na lang ang namutawi sa bibig niya nang ilagay ng kanyang predecessor ang korona sa ulo niya at ibigay sa kanya ang scepter. Katulong pa rin nito ang mayor sa paglagay ng cape sa kanyang likuran.

Naghiyawan ang mga tao, “Kiss! Kiss!”

“Sorry, Sweetie, the audience wants it. Let me give you your first kiss,” pabulong na sabi ng guwapong mayor na siyang nagpabalik sa kasalukuyan ng naglalakbay na diwa ng dalaga. At bago pa siya nakahuma ay humalik na ito sa kanya. Of all the places, sa gilid pa ng lips niya! And he was right. It was her first kiss.

You'll Be In My Heart - Gertrude Margarete

Alam niyang pulang-pula ang kanyang mukha. Mabuti na lang at sa gabi ginanap ang naturang event at puno ng makeup ang kanyang mukha kaya hindi naging visible ang epekto ng halik na iyon sa kanya.

Pagkatapos niyon ay lumakad siya, planting that victorious smile on her face. Ang mayor naman ay bumaba na mula sa stage at bumalik sa table nito.

Nakasuot siya ng dazzling red gown na may slit sa kanang bahagi ng laylayan. Ayon sa kaibigang si Arlene ay bagay na bagay sa kanya ang gown dahil na-e-emphasize ang seksing katawan niya sa tabas niyon maging ang kulay ng kanyang balat. Morena kasi siya. Mistulang mga bituin ang mga beads tuwing tatamaan ng ilaw sa kanyang paglalakad.

Lalong nagpalakpakan ang mga tao sa loob kasabay ng mga hiyawan ng mga ito. Nagkikislapan ang mga cameras. Bukas, tiyak niyang headline ang naturang okasyon. Sa kabila ng kaguluhan sa paligid ay napapansin niyang may pares ng mga matang nakatingin sa kanya. At nang umikot siya ay nakita niya ang guwapong mukhang iyon. Alfon winked at her when their eyes met. Pilit niyang inignora iyon.

Right hand on her hip habang ang kaliwa naman ay hawak ang scepter at bouquet of flowers, nag-pose siya kasama ang kanyang court para sa litrato. Nakuhanan din sila ng larawan na kasama ang organizers pati na ang mayor. Momentous event, indeed!

You'll Be In My Heart - Gertrude Margarett

Ibinalik ni Janine ang tingin sa crowd. Nakita niya si Arlene na panay ang kuha ng picture sa kanya gamit ang digicam nito. Ngiting-ngiti ito sa kanya. Siya naman ay ngawit na ngawit na sa katatayo dahil hindi siya sanay na nagsusuot ng stiletto heels. Mas sanay siyang madalas magsuot ng sneakers dahil dito siya komportable.

Nakita niyang lumigid ang best friend at umakyat sa stage. Sinundan niya ito ng tingin. Napataas ang kanang kilay niya nang makita niyang lumapit ito kay Mayor Cordero at bago pa niya nahulaan ang gagawin nito ay lumapit na ito sa kanya kasama ang mayor. Pinagtabi sila ng pilyang kaibigan niya.

“Smile!” nakangiti nitong sabi sa kanila bago pinindot ang flash ng camera na tangan nito. Very cooperative naman ang binata kahit tatlong beses pa silang kinuhanan nito. Sinadya iyon ni Arlene dahil alam nitong matagal na siyang may crush sa mayor.

Kimi siyang ngumiti sa binata pagkatapos. “Thank you, Sir. Pasensya na ho.” Bahagyang siyang tumungo pagkasabi niyon.

“Oh, don’t be, Darling. The night is so beautiful having you here,” sabi nito. Hinawakan nito ang kanang kamay niya at dinala sa mga labi nito saka hinalikan. “Good night,” paalam nito. Maang siyang napatitig dito nang dahan-dahan nitong ibinaba ang kamay niya at marahang tumalikod.

Naiwan siyang napatanga. Hindi ba ito aware sa crowd na sa kanila laging nakatingin? Hindi ba nito nakita ang mga

You'll Be In My Heart - Gertrude Margarete

nagkikislapang camera sa paligid? Napailing siya.

Napatingin siya sa kaibigan na tutop ng kamay nito ang bibig upang huwag mapatili. Napailing siyang muli. Alam na niyang katakot-takot na tukso mula rito ang tatanggapin niya pagkatapos ng okasyong ito.

Wala na ang mayor. Pero pakiramdam niya ay nanginginig pa rin ang kamay niyang hinalikan nito. Ito rin ang kauna-unahang lalaking humalik sa kamay niya. Well, at least, ang crush niya ang nagbigay sa kanya ng first kisses niya.

Isa-isang lumapit ang mga kaklase niya at binati siya. Tiyak niyang pakakainin niya ang mga ito sa canteen sa Lunes buhat sa cash prize niya. Naroon din pati mga guro niya kasama ang dean ng department nila.

“Gosh, Girl, ang suwerte mo!” ani Arlene nang makalapit ito sa kanya at sila na lang dalawa.

“Heh, tigilan mo nga ako!” mahinang singhal niya. “Nananakit na ang mga binti ko, ah,” reklamo niya na naupo sa isang upuan. “Wala pa ba ang Papang?” tanong niyang palingalinga sa paligid.

Naupo rin ito. “Wala pa, eh,” sagot nito habang isinisilid sa dalang bag ang digicam nito na nasa case na. “Hayaan mo na iyang pananakit ng binti mo dahil sulit naman ang lahat,” tudyo nito. “Campus queen ka na, nahalican ka pa ng Prince Charming mo,” dagdag pa nito.

You'll Be In My Heart - Gertrude Margarete

“Heh!” muling singhal niya para hindi nito mahalata ang kanyang nararamdaman.

“Oy, nagba-blush siya,” muling tudyo nito. Mabilis itong tumayo at naglakad palayo habang tumatawa.

2

Malalim na ang gabi nang siya ay nasundo ng ama. Mangilangilan na lang ang mga taong naroon pa sa auditorium. Bagaman ayaw siyang iwan ni Arlene doon ay itinaboy na niya ito dahil naroon na ang sundo nitong pinsan. Ligtas naman siya dahil may mga guwardya naman sa paligid ng paaralan.

Humihikab na si Janine nang makita niyang nagmamadaling pumasok si Mang Ramon sa loob ng auditorium kung saan siya naghihintay rito.

“Pasensya na, Anak, ngayon lang kasi ako dumating. May dinaanan pa kasi si Mayor sa opisina nito bago umuwi ng bahay niya,” paliwanag nito. Tumayo siya at hinalikan ang pisngi nito.

“Okay lang po iyon, 'Pang.”

“Congratulations, Anak.” Niyakap siya nito. “Narinig ko kanina buhat sa parking area ang pagkapanalo mo. Gustuhin ko mang pumasok dito kanina ay hindi ko nagawa dahil inayos ko ang brake ng sasakyan,” paliwanag nito.

“Sinuwerte marahil, 'Pang,” sabi niya. “Now, malilibre kayo ng isang taong tuition fees,” masayang dugtong niya. “May cash din po kaya ibibili ko iyon ng ilang kagamitang kailangan ko sa lab.”

You'll Be In My Heart - Gertrude Margarete

“Okay lang naman iyon, Anak. Pero natutuwa ako at nanalo ka. Kung narito lang ang mama mo ay tiyak matutuwa siya sa 'yo,” anito sa gumaralgal na tinig.

“I'm sure nanonood ang Mama kanina, Papang. Huwag na kayong malungkot.” Nagpatiuna na siya sa paglakad habang pinapahid ang namumuong luha sa gilid ng mata.

“Sige, tayo na.” Binitbit ni Mang Ramon ang iba niyang dala sa isang kamay habang ang isang kamay naman nito ay nakahawak sa kanya. Siya na ang nagdala sa bulaklak.

Nadaanang nila ang isang post kung saan nandoon ang isang guwardya. “Congrats, Miss Montego,” narinig niyang sabi nito.

Ngumiti siya rito. “Thank you, Manong.”

Kinabukasan, halos tanghali na nang magising si Janine. Inasahan na niyang wala na ang papa niya pagkagising pagkat maaga itong umaalis ng bahay nila. Maaga kung pumupunta si Mayor Cordero sa munisipyo kaya maaga rin nitong sinusundo ang huli.

Sabado, kaya wala siyang pasok. Pumunta siya ng kusina dahil kumakalam na ang sikmura niya. Nakita niyang may nakatakip na pagkain sa mesa. Inalis niya ang takip ng mga iyon at tumambad sa kanya ang kanyang paboritong pagkain sa almusal—sinangag, tapa at daing na bangus. May suka rin na

You'll Be In My Heart - Gertrude Margarete

may sili at hinog na kamatis bilang sawsawan; katabi niyon ang isang pitsel na tubig. Sumaglit siya sa lababo para maghugas ng kamay bago kumain.

Pagkatapos makapag-agahan ay naglinis siya ng buong bahay nila; maliit lang iyon. Dadalawa lang ang kuwarto para sa kanila ng ama. Gawa ito sa kahoy at semento na may flower garden sa labas. Mahilig kasi siya sa bulaklak.

Matapos maglinis ay nagpasya siyang maglaba. Kinuha niya ang maruruming damit nila ni Mang Ramon at nagtungo sa kinaroroonan ng washing machine sa gilid ng bahay. Matapos lagyan ng kaukulang tubig at sabon ang tub ng appliance ay isinalang niya roon ang labahin bago pumasok muli sa loob ng bahay upang linisin ang banyo.

Halos ala una na ng hapon nang matapos siya sa lahat ng gawaing-bahay. Naligo muna siya bago kumain ng tanghalian.

Dala-dala ang baso ng juice at platito ng tinapay na may butter ay pumunta siya sa sala at inilapag ang mga iyon sa mesita. Kinuha niya ang remote control ng TV at nanood siya ng isang noontime show. Tawa siya nang tawa sa palabas.

Bahagya niyang naulinigan ang pagkalampag ng kung sinumang naroon sa labas ng kanilang kahoy na gate. Sumilip siya sa bintana at nakita ang ulo ng kaibigan sa labas. Nakangiti siyang lumabas ng bahay.

“Hi, Girl!” masiglang bati nito sa kanya.

You'll Be In My Heart - Gertrude Margarete

“Halika,” aya niya kay Arlene nang mabuksan ang gate. Basa pa ang buhok nito kaya sigurado siyang kagigising lang din nito. “Sino’ng kasama mo?” tanong niyang palinga-linga pa. Tatlong kalye rin ang layo ng bahay nito sa kanila at kadalasan ay hinahatid ito ng pinsan nito sa pick-up. Medyo maalwan sa buhay ang pamilya ng kaibigan dahil pensionado ang papa nito. May monthly allotment din ang mga ito mula sa kuya nitong seaman.

“Oo kaya lang umalis na, magpapasundo na lang ako mamaya.”

“O, maupo ka na muna at ipagtitimpla kita ng juice,” sabi niya pagkapasok nila sa loob ng bahay.

Tumango ito. Umupo ito sa sofa at nanood ng TV. Ilang sandali pa’y nakabalik na siya mula sa kusina.

“Ano ba ’yang dala-dala mo?” tanong niya nang maibigay rito ang baso ng juice at tinapay.

“Ay, oo nga pala. Muntik ko nang makalimutan.” Napatili si Arlene nang buklatin ang inirolyong local tabloid.

“Tingnan mo, Friend,” anito.

Biglang siyang namula nang mabasa ang naturang balita. Naalala niya ang nangyari noong nakaraang gabi. May captions na kasama ng mga larawan—ang isa ay kasama niya ang mga runner-ups; pangalawa, solo niya; pangatlo, iyong hinalikan siya ng mayor sa gilid ng bibig niya at ang pang-apat ay iyong

hinalikan nito ang kamay niya. The pictures made her shiver.

“Gosh, kakainggit ka talaga, Friend!” muling tili nito. “Well, hindi naman kataka-taka iyon. You’re so pretty! You have the body...” Napailing ito. “Hindi mo lang alam how I envy you.” Umirap pa ito patungkol flat chest nito. Natawa siya. Alam niyang kung hindi lang push-up brassieres ang gamit nito ay malamang wala talagang uumbok sa dibdib nito. Habang siya ay hindi na gumagamit ng padded bras dahil malulusog ang dibdib niya. Bagay na hindi naman niya binibigyang-pansin.

“Magtigil ka diyan! Lagi mo na lang nilalait ang sarili mo,” saway niya. “Oh, paano na ito? Baka mabasa ito ng papang ko,” worried niyang sabi.

“I’m sure hindi magagalit ang Tito Ramon diyan. Halik lang naman iyan, eh,” sagot nito. “At saka di ba lagi naman niyang pinupuri ang amo niya dahil sa kabaitan.”

Napahinuhod siya ng kaibigan sa sinabi nito, ngunit nang maalala ang mga kaeskuwela ay muli siyang nag-alala.

“Sus! Kelan ka pa nag-alala sa mga sasabihin ng mga nasa paligid mo? Wala ka namang pakialam sa mga iisipin ng mga tao noon pa, ah.”

Hindi na siya umimik. Ibinigay sa kanya ni Arlene ang diaryo. Itatago niya iyon para may remembrance siya. May pictures din naman siyang kuha ng kaibigan na marahil ay hindi pa nito nai-print sa computer nito kaya hindi nito dala ang mga iyon.

Martes ng hapon ay nagpasya siyang maglakad-lakad sa daan. Katatapos lang ng klase nila. Wala si Arlene nang hapong iyon dahil sinamahan nito ang mama nito sa kapitolyo.

Nadaan niya ang isang fishball vendor sa kalsada kaya huminto siya. Kinapa niya ang mga barya sa kanyang bulsa. She always loved fishballs. Nagtusok siya at isinawsaw sa sauce na nasa garapon saka kumain.

Huminto ang isang maroon *Grand Vitara* sa kabilang bahagi ng daan. Ang driver niyon ay walang iba kundi si Mayor Alfon dahil nakita nito ang dalagang tuwang-tuwang kumakain ng fishball. Mula sa loob ng tinted niyang sasakyan ay binibistahan niya ito. Nakasuot ito ng skinny jeans na maong at pink blouse. Napadako ang kanyang paningin sa mga paa nito; nakasuot ito ng sneakers. May backpack pa itong dala. Napailing siya. Noong isang gabi sa eskuwelahan ay napaka-class na tingnan ni Janine. Akala pa nga niya ay isa itong spoiled brat na babae. Ngunit ngayon, napaka-down-to-earth nitong tingnan. Uncaring about her latest title, heto at nakikitusok ng fishball sa tabi ng daan.

Lalong gumanda ang babae sa kanyang paningin dahil walang bahid ni kaunti mang makeup ang mukha nito. And he admired her more. Napangiti siya nang maalalang napatulala ito sandali nang gawaran niya ng halik. Hindi na niya halos maihiwalay ang paningin dito dahil para bang kay sarap nitong titigan.

You'll Be In My Heart - Gertrude Margarete

Lumabas siya ng sasakyan at tumawid ng kalsada. “Magandang hapon ho, Mang Berto,” bati niya sa tindero ng fishball.

“Naku, magandang hapon po naman, Mayor,” atubiling sagot ng matanda.

Napatigil sa pagnguya si Janine nang marinig ang boses ng isang lalaki. Awtomatikong nagtaas siya ng paningin sa bagong dating na nakatayo sa kanyang tabi. Nagtagpo ang kanilang mga mata.

“Hello there,” nakangiting bati sa kanya ng binata. “Mahilig ka pala sa fishball,” dagdag nito.

“G-good afternoon, Mayor,” alanganing bati niya. Nakasuot ito ng hapit na pantalong maong at black t-shirt na may tatak na *Old Navy* sa harapan. Napalingon siya sa kabilang bahagi ng kalsada at nakita niyang hindi ang minamanehong *Ford Expedition* ng ama ang dala nito kaya sigurado siyang hindi si Mang Ramon ang nagmaneho ng naturang sasakyan. Dali-daling dumukot siya ng barya sa bulsa ng kanyang pantalon.

“Manong, magkano po lahat?” tanong niya sa tindero.

“Diez pesos lang, Ineng,” nakangiting sagot nito.

“Heto po.” Iniabot niya rito ang ten-peso coin nang magsalita ang binata.

“No, Mang Berto. Ako na ang magbabayad ng kinain niya,”

sabi nito kaya napahinto ang pag-abot ng matanda sa bayad ng dalaga.

“No, I can afford to pay for it,” aniya na nakakunot ang noo. Naisip niyang ano ba ang akala ng taong ito, pulubi siya? Naiinis tuloy siya rito kahit pa naka-display sa mga labi nito ang killer smile nito. “Mang Berto, heto na ho ang bayad ko.” Iniabot niya muli ang bayad sa naguguluhang matanda.

“Salamat, Ineng.”

“Saan ba’ng bahay n’yo at idadaan na kita sa inyo?” balewalang sabi ni Alfon sa kanya, kumuha ito ng isang pantusok ng fishballs.

“Ho? Wag na ho at may dadaanan pa po ako,” sagot niya at nagmamadali na siyang lumakad palayo.

My, she’s avoiding me, naisip ng binata. At very unusual iyon dahil wala pa siyang nakasalamuhang dalaga na hindi bumibigay sa karisma niya. Kahit pa high school girls ay nagka-crush na sa kanya.

“Palagi bang dito kumakain ng fishball ang dalagang iyon, Mang Berto?” tanong niya sa matanda. Nagsimula siyang magtusok ng ilang fishballs.

Napakunot ang noo ng tindero sa kalituhan. Nang rumehistro na sa utak nito na ang dalagang Montego ang ibig sabihin ng mayor ay napangiti ito. “Oho. Mula pa yata noong high school ay

You'll Be In My Heart - Gertrude Margarete

kumakain na siya ng fishball dito kasama iyong kaibigan niya.”

Nang malasahan ang naturang pagkain ay napatango siya. *Kaya pala*, naisip niya. Masarap nga palang talaga ang pagkain na ito.

Nasiyahan ito sa iginawi niya. “Salamat po, Mayor, at nagustuhan ninyo ang tinda ko.”

Ngumiti siya. “Magkano po lahat?”

“Huwag na po ninyong bayaran, Mayor,” awat nito sa pagkuha ni Alfon sa wallet sa likuran ng kanyang pantalon. “Isa pong karangalan para sa akin ang magustuhan ninyo ang paninda ko.”

“No, huwag kayong ganyan, Mang Berto. Sige na, magkano lahat iyon?” malumanay niyang tanong dito. Sigurado siyang isusunod niyang ipapatayo ay ang mga stalls ng fishball sa bayang ito.

Nakatatlong tusok pa siya bago inabot ang isang dadaanin sa matanda.

“Keep the change ho,” nakangiting sabi niya nang magsimulang magbilang ang matanda ng isusukli sa kanya.